# ILAW NG PAG-ASA

## Kalendaryo ng Panalangin

2026년 7월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa Europe**

Naitatag sa nakaraang isa at kalahating taon, ang layunin sa ministeryo ng TWR Women of Hope Belarus ay ang maibahagi ang ebanghelyo at makalikha ng komunidad sa online para sa kagalingan. Ang mga naunang bahagi ay nailunsad sa pamamagtian ng kalungkutan at kakulangan sa malinaw na solusyon, ngunit sa pamamagitan ng propesyonal na pagsasanay, ang mga programa ay naging makabuluhan sa pagtukoy sa mga masasakit na hamon sa buhay habang ipinapasok ang ebanghelyo at ang kabutihan ng Panginoon sa bawat mensahe. Nagpapasalamat kami sa Diyos sa pagdadala ng mga bunga sa kabila ng maliit na bilang ng manonood, ngunit sa pagtagal ng panahon ay dumadami ang panonood sa YouTube at ang malalim na spiritual na pag-uusap ay umunlad sa aming Telegram channel. Nawa ang nananabik at naghahanap na mga kababaihang Belarusian na nakikinig sa mga programa ay magkaroon ng masaganang bunga sa pamamagitan ng pag-asa na ibinibigay ng Panginoon.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면
매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니다

**1**. Ama, maraming kababaihan sa Poland ang nahihirapang magbuntis. Pagpalain Mo nawa at pagalingin sila upang matamasa nila ang napakagandang regalo ng pagkakaroon ng mga anak. (Gen. 21:1)

**2**. Diyos, gabayan Mo ang mga kabataang babae sa Portugal upang makita nila ang kanilang pagkakakilanlan sa Iyo. Nawa ay hindi sila sumuko sa mga kahirapan kundi makita nila ang kanilang layunin, tapang, pag-ibig at katotohanan sa Iyo. (Prov. 16:4a)

**3**. Panginoon, tulungan Mo nawa ang mga mananampalataya sa Romania upang magkaroon sila ng kapayapaan at pagkakaisa sa kanilang lugar kung saan namamayani ang kaguluhan at pagkakabaha-bahagi. (Phil. 2:14-16)

**4**. Diyos, katukin Mo nawa ang mga kababaihang Russian upang magkaroon sila ng gutom at kauhawan sa Iyong Salita, at nawa ang mga mananampalataya ay magkaroon ng pagkakataon na maibahagi ito sa kanila. (Matt. 5:6)

**5**. Ama, gabayan Mo ang aming grupo sa Serbia upang epektibo silang makagamit ng mga "digital platforms" at maabot nila ang lahat ng mga kababaihan, lalo na ang mga nakababata. (Ps. 145:4)

**6**. Maraming kababaihan at bata ang nagdurusa araw-araw sa Spain dahil sa karahasan sa loob ng kanilang pamilya, Panginoon, hanguin Mo sila, pagalingin at ilapit sa Iyong pagliligtas. (Ps. 9:9-10)

**7**. Hipuin Mo nawa ang puso ng mga ina sa Switzerland, Diyos, upang naisin nila at hanapin ang kagalakan sa pag-aalaga at pagpapalaki ng mga anak sa tahanan. (Ps. 127:3)

**8**. Panginoon, pagkalooban Mo ang mga tagapanguna sa Albania ng pagkatakot sa Iyo, upang magawa nila ang kanilang mga gawain para lamang sa Iyo. Nawa ang Iyong katotohanan at katuwiran ang gumabay sa lahat ng kanilang mga desisyon. (Prov. 9:10)

**9**. Tawagin Mo ang mga Kabataan sa Belarus na lumapit sa Iyo, Diyos, bigyan Mo sila ng pusong nagsisisi. Nawa ay hindi sila bumaling sa mga alak kundi yakapin nila ang buhay mula kay Jesus. (Prov. 28:13)

**10**. Purihin ang Diyos para sa 200 yugto na mayroon ang podcast ng Arise and Shine para sa mga kababaihan sa Belgium. Nawa ay maging pagpapala ito sa mga kababaihan sa Belgium at Netherlands. (Ps. 34:8)

**11**. Ama, dalangin namin ang pisikal at spiritual na pag-iingat para sa mga kawani at pamilya ng TWR Women of Hope sa Ukraine at sa lahat ng bansa na may digmaan. (Ps. 46:1)

**12**. Ingatan Mo ang buhay ng mga kababaihan sa Croatia, Panginoon, dahil ang pananakot at karahasan na ginagawa ng kanilang kasalukuyan at nakaraang mga partner ay nagbabanta ng posibleng pagpatay sa mga kababaihan. Nawa ay matigil ang walang saysay na mga pagpatay na ito. (Ps. 121:7)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**13**. Ama, ipakita Mo sa mga buntis na kababaihan sa Denmark ang Iyong kaisipan ng puno ng pag-asa para sa kanilang hindi pa naisisilang na anak. Padalhan Mo ng tulong ang mga kababaihang ito sa pamamagitan ng mga taong may malasakit. (Ps. 139:13, 16)

**14**. Isa sa tatlong bahagi ng mga kababaihang Finnish ay nahaharap sa karahasan sa pamilya. Pinupuri Ka namin dahil ang sinumang tinakot o ginulo sa Finland ay maaaring makakuha ng proteksyon sa pamamagitan ng kautusan ng pagpigil. (Ps. 25:15-16)

**15**. Nawa ang mga kababaihang French ay itrato nang may paggalang, Panginoon. Pagkalooban Mo sila ng lakas upang harapin ang mga pagsubok, dignidad sa bawat sitwasyon at pag-asa upang harapin ang kinabukasan ng may kumpiyansa. (Ps. 46:11)

**16**. Diyos, ang mga solong ina sa Germany ay nakakadama ng malapit na relasyon at pangangalaga mula sa Iyo dahil pinapalakas Mo sila ng Iyong pag-asa. Palibutan Mo nawa sila ng Iyong suporta at ipagkaloob Mo ang kanilang mga pangangailangan. (Deut. 31:6)

**17**. Ngayong Taglagas, ang aming grupo sa Netherlands ay maglulunsad ng Girls Talk, isang bagong podcast para sa mga kabataang babae. Ama, nawa ay maaabot nito at pagpalain ang libo-libong kabataan at mapalapit sila sa Iyo. (Heb. 10:22)

**18**. Diyos, nawa ang mga kababaihan sa Norway na nahaharap sa kahirapan, kalungkutan at sakit sa pag-iisip ay makaranas ng Iyong presensya at makatagpo ng pag-asa at kagalingan para sa kanilang sama ng loob at emosyonal na sugat. (Matt. 11:28)

**19**. Panginoon, nawa ang mga kababaihang Polish na nagsisikap paunlarin ang kanilang karera ay magkaroon ng tiwala sa sarili at malaman ang kanilang halaga sa Iyong paningin. (1 John 3:1)

**20**. Ama, magdala Ka ng kaaliwan, kapayapaan at probisyon sa mga pamilya at negosyo na nawalan dahil sa mga bagyo na nanalanta sa Portugal. Pagkalooban Mo sila ng kalakasan upang magsimula muli. (Isa. 41:10)

**21**. Panginoon, pagkalooban Mo ng karunungan, pamamaraan at determinasyon na nanggagaling sa Iyo ang mga political na tagapanguna sa Romania upang maisagawa ang mga reporma na kailangan sa bansang ito. (Prov. 21:1)

**22**. Ama, magdala Ka ng kaaliwan sa lahat ng nagdadalamhati dahil sa pagpanaw ng kanilang mahal sa buhay mula sa digmaan sa Russia at sa lahat ng iba pang bansa na nakakaranas ng labanan. (Ps. 147:3)

**23**. Nawa ang bawat mensahe at programa na ibinabahagi ng grupo sa Serbian ay magdala ng pag-asa, kapayapaan at paglagong spiritual. Nawa ang kanilang ginagawa para sa mahihirap na kababaihan at mga bata ay magpakita ng pagmamahal ng Diyos. (Luke 4:18)

**24**. Panginoon, gabayan Mo nawa at bigyan ng malikhain at napapanahong mga ideya ang aming grupo sa Spain sa kanilang pagmiministeryo at pag-abot sa mga pangangailangan ng mga kababaihan sa kanilang komunidad. (2 Tim. 4:2)

**25**. Diyos, bigyan Mo ng tapang ang mga mananampalatayang Swiss upang malaya nilang maisabuhay ang kanilang relihiyon. Nawa ay hayaan nila si Jesus at ang Kanyang Mabuting Balita ay maka apekto sa bawat bahagi ng kanilang buhay. (Josh 1:9)

**26**. Ama, pakabanalin Mo sa pamamagitan ng Iyong Espiritu ang bawat kawani ng TWR at Women of Hope sa Ukraine at sa iba pang bansa na may digmaan upang sila ay makapagdala ng kaaliwan at lakas ng loob sa kanilang mga tagapakinig. (2 Cor. 1:3-4)

**27**. Panginoon, nawa ang mga tagapanguna ng Albania ay makalikha ng mga batas na magbibigay ng benepisyo sa mga naghihikahos, sa mga napapabayaan at sa mga hindi makapagsalita para sa kanilang mga sarili. (Prov. 31:8)

**28**. Diyos, itinataas namin sa Iyo ang mga kababaihan sa Croatia. Nawa ay magkaroon ng mga pagkakataon para sa kanila upang magkaroon ng mga posisyon sa pamumuno, makatanggap ng mas mataas na sweldo at magkaroon ng seguridad sa pagtatrabaho. (Phil. 1:6)

**29**. Nawa ang mga kababaihan sa Denmark na nawalan ng anak ay lumapit sa Iyo, Jesus, upang mapanumbalik at magkaroon ng pag-asa. (Jer. 30:17)

**30**. Panginoon, palakasin Mo ang mga napapagod na kababaihan sa France, hikayatin Mo sila na nalulungkot at hawakan Mo sila sa pamamagitan ng mabibiyayang presensya. (Prov. 31:25)

**31**. Diyos, nawa ang bagong podcast na serye From Wounds to Strength ay makarating sa mga kababaihan na may mensahe ng pag-asa, kagalingan at kaligtasan, magdala ng pagpapanumbalik sa mga taga Norway. (Rom. 15:13)

후원안내
국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송
최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.